Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN



container ng bahay pamahalaan. Inalam ng kapulungan kung ang kemikal nito ay katulad ng mga iniaalok ng mga nagsulit kay G. Ilustre. Sinabi ni Pang. Punumbayan Dictado na ang nilalaman nito ay pare-pareho, kaya't ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG. XLVI-'88
(Sa mungkahi ni Pang. Punumbayan Dictado na pinangalawahan ni Kag. Tapangco)

APPROVED:
RESOLUTION No. 620-'88
PROVINCIAL BOARD
November 23, 1988

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagtitibay ng paglalaan ng halagang LIMANG LIBO LIMANG DAAN (₱5,500.00) mula sa Kabang Bayan upang iukol sa pagpapalaman ng limang tangke ng Fire Extinguisher ng bahay pamahalaan sang-ayon sa isinulit ng Phil. Guard Fire Extinguisher.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

KAUTUSANG BAYAN BLG. XLVII-'88
(Sa mungkahi ni Pang. Punumbayan Dictado na pinangalawahan ni Kag. Dungao)

APPROVED:
RESOLUTION No. 620-'88
PROVINCIAL BOARD
November 23, 1988

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagliliwat ng halagang PITONG LIBONG PISO (₱7,000.00) mula sa "accounts payable" at ang pagpapanibagong palaan ng halagang LIMANG LIBO TATLONG DAAN TATLUMPUNG PISO AT LIMAMPUNG SENTIMO (₱5,330.50) na magmumula sa "Underestimated" at "miscellaneous Income" upang itugon sa pagbili ng airconditioner ng Tanggapan ng Pambayang Tagataya at Tanggapan ng Pinuno ng Badget.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

KAPASIYAHAN BLG. 41-'88
(Sa mungkahi Ni Kag. Perez na pinangalawahan ni Kag. Gironella)

ANG KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA SANGGUNIANG PANLALAWIGAN SA PAMAMAGITAN NI KGG. FELICISIMO T. SAN LUIS, PUNONG LALAWIGAN NG TULONG PANANALAPI UPANG MAKABILI ANG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA ROSA NG SAPAT NA SUKAT NG LUPAIN UPANG MAGING KASUDLONG NA PAMBAYANG LIBINGAN.

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punumbayan

ADELO T. PEREZ
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad